| | |
|---|---|
| FINANCE OFFICE<br>156 S. BROADWAY, SUITE 114<br>TURLOCK, CA 95380-5454<br>209-668-5570 | POLISIYA #: 01-01<br><br>MSI #: 2001-095 |
| KODIGO NG SANGGUNIAN: | ORIHINAL NA PETSA: 07/01/01 |
| PAKSA: POLISIYA PARA SA PAGSINGIL NG DEPOSITONG PANSEGURIDAD SA SERBISYONG UTILIDAD | PETSA NG REBISYON: 9/21/19 |

Ito ang polisiya ng Lungsod ng Turlock sa pagsingil ng Depositong Panseguridad sa Serbisyong Utilidad bago magbigay ng mga serbisyong residensiyal sa tubig, basura, at/o alkantarilya (sewer). Kinakailangan ang depositon kung hindi makapagbibigay ang kostumer ng sulat ng kredito mula sa ibang utilidad na nagpapakita ng isang taon na magandang tala ng kredito O kung walang isang taon na magandang tala ng kredito sa Lungsod ng Turlock sa loob ng nakaraang limang taon.

Kung siningil ang kostumer ng Depositong Panseguridad sa Serbisyong Utilidad at makapagbibigay ng referrence letter ng kredito sa loob ng tatlumpung (30) araw mula sa petsa ng pagsisimula ng serbisyong utilidad, ikekredito ang halaga ng deposito sa account ng mga kostumer at ipapakita sa susunod na bill sa serbisyong utilidad.

Mananatili ang deposito para sa panahon ng labindalawang buwan. Pagkatapos ng panahon ng labindalawang buwan, mababawi ng mga kostumer na may magagandang tala ang kanilang mga deposito; at hindi mababawi ng mga kostumer na mayroong delingkuwenteng tala ang kanilang mga deposito hanggang sa makita ang labindalawang buwan ng magandang tala ng kredito sa kanilang account.

Alinsunod sa Seksiyon 10009.6 ng Kodigo sa Pampublikong Utilidad sa California (California Public Utility Code), ang desisyon ng Lungsod na iatas sa bagong residensyal na aplikante na magdeposito ng pera sa Lungsod bago bumuo ng account at mabigyan ng serbisyo ay nakabatay lamang sa pagiging karapat-dapat sa kredito ng aplikante ayon sa pagtukoy ng Lungsod. Ang deposito ay magiging katumbas ng mga singil na malamang na maiipon para sa mga serbisyo sa loob ng panahon ng tatlong (3) buwan o dalawang (2) panahon ng pagsingil, alinman ang mas malaki na may pinakamaliit na halaga na $150.00, o isang daan at limampung dollar. Ang pagtatantiya na ito ay gagawin ng Opisyal sa Pananalapi o ng kaniyang itinalaga batay sa dami ng serbisyo, uri ng paggamit ng propyedad at karanasan ng Lungsod sa katulad na paggamit. Ang kabiguan na magbayad ng deposito ay magreresulta sa pagtigil o pagtanggi ng serbisyo.